

RECEIVER: Ay kayo din po ganyan, ako po ay pini-personal ninyo.

CALLER: Hindi kita pini-personal, kasi kung pini-personal kita hindi ka dapat maglabas. Yung lagare naglabas ako, gago ka. Ikaw nagpapaubos sa aming (*inaudible*).

RECEIVER: Ako po ang nagpapaubos?

CALLER: Kaya nga pinuntahan kita eh.

RECEIVER: Ako po bago pumasok sa lagdaan, nadyan na po ang ma'am Susan Almero, nandyan ang Alvin Alcaide.

CALLER: Wag kang mag-ano.. Bastos ka, animal ka!

RECEIVER: Hindi po ako bastos.

CALLER: Bastos ka! Bastos ka!

RECEIVER: Ako po ay tahimik na tao, wala po akong inaaway.

CALLER: Sino ka para kwestyunin ako?

RECEIVER: Ako po ay nagbabayad ng buwis, sinabi po ninyo na kami pong mga nagbabayad ng buwis ang inyong . . .

CALLER: Magsampa ka, kung lalaki ka, humarap ka, gago ka!

RECEIVER: Ipatawag po ninyo ako, haharap ako.

CALLER: Sige, tawagan kita.

RECEIVER: Wala po akong kuwan,, pero gusto ko kung haharap tayo doon po tayo sa tamang harap.

CALLER: Kung sino-sino ang sinasabi mo sa akin, iharap mo sa akin ang mga tao na iyan. Gago ka, hindi ako dapat (*inaudible*) panahon ni (*inaudible*) animal ka, bumabayad ka para makalabas ka ng mga illegal.

RECEIVER: Paano nyo po nasabing bumabayad ako, may . . .

CALLER: Sinasabi nila sa akin.

RECEIVER: Sino po ang nagsabi sa inyo?

CALLER: Ikaw din, di ba tinanong din kita, nakalimutan mo ang sinabi mo sa akin?